

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
Philippine Overseas Employment Administration
LICENSING REGULATION OFFICE
Mandaluyong City

MALAYA AT KUSANG LOOB NA SINUMPAANG SALAYSAY NI ALFREDO ALAN CANLAS NA IBINIGAY KAY _____ (AIRB-LAD Legal Officer) NGAYONG IKA – 28 MARSO 2021 BANDANG IKA – 3 NG HAPON SA LOOB NG OPISINA NG LEGAL ASSISTANCE DIVISION NG ANTI-ILLEGAL RECRUITMENT BRANCH NG PHILIPPINE OVERSEAS EMPLOYMENT ADMINISTRATION SA 4TH FLOOR, BFO/POEA BUILDING, EDSA CORNER ORTIGAS AVENUE, MANDALUYONG CITY SA PAMAMAGITAN NG MGA TANONG AT SAGOT.

PASUBALI: Ikaw ay nahaharap sa pagsisiyasat na may kinalaman sa **ILLEGAL RECRUITMENT**. Nais kong ipabatid sa iyo na lahat ng iyong sasabihin ay base lamang sa iyong personal na kaalamang o hawak na dokumento. Maaari kang pumili ng iyong sariling abogado at kung hindi mo kayang kumuha ng personal na abogado ay ang ating pamahalaan ang siyang magbibigay sa iyo ng walang anu mang alalahaning bayarin, sa alin mang hukuman dito sa ating bansa. Ang lahat ng iyong sasabihin sa pagtatanong na ito ay maaaring gamitin na pabor o laban sa iyo. **Ngayon nais mo pa bang ipagpatuloy ang pagbibigay ng salaysay mong ito?**

SAGOT:

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako si ALFREDO ALAN CANLAS

PANG UNANG PAHAYAG

Ang nagtatanong sa aking Salaysay na ito ay si _____ na may address sa Legal Assistance Division 4th Floor, BFO/POEA Building, EDSA corner Ortigas Avenue, Mandaluyong City.

Sasagutin ko ang mga pagtatanong sa akin at susumpaan ko ito na magsasabi ng totoo at pawang katotohanan lamang at batid ko na maaari akong managot sa batas kung sakaling ako ay magsinungaling o hindi magsasabi ng katotohanan.

LAYUNIN: Ang salaysay na ito ay inilahad upang patunayanang ginawang panloloko, paghikayat, pagrecruit bilang manggagawa sa ibang bansa ng walang kaukulang lisensya o permiso mula sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA).

MGA TANONG AT SAGOT

1. TANONG: Pakisabi ang iyong pangalan at iba pang pagkikilanlan sa inyong pagkatao para sa pagtatala.

SAGOT: ALFREDO ALAN CANLAS – COMPLAINANT
SARAH IRIS CANLAS – KAPATID / COMPLAINANT
ALLAN BALDERAMA – 2ND MATE SEAMAN / KAPITAN DAW NG
BARKO
GLORIA GLADYS ALVARADO BALDERAMA – ASAWA NI ALLAN
BALDERAMA
CYNTHIA DELA CRUZ – TITA / AUNTIE NAMIN

2. T: Ano ang dahilan bakit ka narito sa aming tanggapan?

S: Nais ko po ireklamo si Allan Balderama ng illegal recruitment sapagkat nagpanggap po sya na kapitan ng barko na nag papaalis ng mga seafarers sa isang cruise ship papuntang Europe. Nagbayad po ako ng 35,000 pesos para sa aking application ngunit hindi po ako nakaalis.

3. T: Sino o sino-sino ang iyong nirereklamo at saan sila nakatira?

S: ALLAN BALDERAMA – Taga Bicol daw po sya pero ngayon ay naka base po sa Laguna o Manila.

4. T: Mayroon ba silang ahensya o opisina na kanilang ginagamit sa kanilang pagre-recruit?

Saan ito matatagpuan, kung meron man?

S: Opo, yung **SEABORN CREW MANAGEMENT INC** Manning Agency
188 D.TUAZON ST LA LOMA QUEZON CITY

5. T: Ano-ano ang kanyang/kanilang ginawa o kinalaman sa iyong reklamo?

S: nagpanggap po sya na kapitan ng barko na nag papaalis ng mga seafarers sa isang cruise ship papuntang Europe. Nagbayad po ako ng 35,000 pesos para sa aking application ngunit hindi po ako nakaalis. Ang tumatanggap ng bayad ay si Gloria Alvarado na misis nya. Ibinibigay sa kanya ang per ana binigay namin sa tita ko.

T: Kailan po ito nangyari at saan ito nangyari?

S: Nangyari po ito nung February 6 2021 – ang pangako po sa amin ay makakaalis kami ng March 16. Pinag-submit lang po kami ng dokumento online sa email triciamaxx25@gmail.com. Yung tita ko po ang nagbigay ng bayad sa asawa ni Allan Balderama na si Gloria Gladys Alvarado/Balderama, at nakatira sila sa Laguna. Nag wire transfer lang po kami ng pera.

T: Maaari mo bang isalaysay ang buong pangyayari na may kaugnayan sa iyong reklamo?

S: February 6 Nag message po sa facebook ang tita ko na naghahanap daw ng seaman yung ka churchmate nya na si Gloria Alvarado, asawa ng Kapitan na si Allan Balderama. Si Allan Balderama daw po ay kapitan sa barko at naghahanap ng tauhan. Magandang oportunidad daw po iyon sa amin. Ang sinabi po sa kanya, need lang mag submit ng requirements online gaya ng passport, valid IDs, CV at pirma o signature sa isang malinaw na bond paper. Pinag submit po kami sa email (triciamaxx25@gmail.com) Tinanong po namin Kung anong agency ang mag process ng dokumento at sinabi nila na yung Sea Born daw. Nakita po namin na delisted sya sa POEA, ngunit sinabihan po kami na DIRECT HIRE daw po kami ni Kapitan. Kaya ok lang daw yung agency na mag proses ng dokumento. Para po sa visa processing, pinagbabayad kami agad ng 35,000 pesos na mura na daw po dahil sasagutin naman ni Kapitan yung ibang expenses. Pumayag po ako sa kadahilanang sinabi sa akin ng tita ko na ibabailik nya ang pera ko kung may mangyaring aberya. Nagpadala po ako ng 35000 sa aking tita kinabukasan February 7, at yun po ay ibinigay nya kay Gloria na asawa ni kapitan. Yung kapatid ko po na si Sarah ay nag submit din ng application at yung 35,000 pesos na fee ay binayaran ng tita ko at binigay nyang muli kay Gloria. Ang pangako po sa amin, madali lang ang housekeeping work sa cruise ship, nagpapalit lang ng bedsheets. \$1500 per month daw ang sweldo, bukod pa yung mga tip ng mga mayayaman na nakasakay sa barko. 6 months daw po ang pagbabarko namin. Sayang po ang oportunidad at ang tita ko kase ang nagsabi na katiwawala daw ang Gloria at Allan na yon dahil nga yung asawa ni kapitan ay kasamahan nya sa simbahan, bukod pa sa Pulis sya na naka duty sa Taguig. Sa kabuuan po ay naka recruit po sila ng 11 na tao, kabilang po yung iba pang pamangkin ng tita ko. Mag antay nalang daw kami ng interview dun sa may ari ng barko mismo na Briton, at lalabas daw ang visa namin after 1 week.

Lumaon po ang 1 at 2 linggo. Nag follow up po kami pero ang sabi may inaantay lang na mga bagong recruit. Mga first week of March daw ang interview. Pero wala pong interview at visa na lumabas. Lagi lang kami pinag aantay at sinasabi na nagka problema daw ng kaunti sa visa processing. March 12, nagtanong ang kapatid ko kung tuloy ba ang alis sa 16, samantalang wala pa rin visa at walang interview. Ang tita ko ang sumagot na wala pa daw update galling kay Gloria. Nakasalalay daw sa agency ang status ng application namin. Pati ang tita ko ay nagtataka na sa mga nakukuha nyang updates mula kay Gloria. Nag duda na po kami sa mga pangyayari, pati yung tita ko. Kinausap na po ng tita ko ng masinsinan si Gloria at kami rin po ay nag isip narin na baka na-scam nga kami. Dito po namin nalaman na si ALLAN BALDERAMA pala ay hindi naman pala kapitan. Siya po ay second mate seaman lamang sabi ng tita ko. Nag aral lang daw sya o training para maging kapitan at sa susunod na akyat daw nya ng barko ay kapitan na sya. Bilang wala naman kaming visa o seaman's book, nag demand na po kami na ibalik ang pera namin. Sa pag uusap po ni Gloria at ng tita ko, ibabalik nalang daw po ang pera namin. Nasa 140,000 ang nakuha nila na pera sa tita ko, kasi may nag backout din na isang applicant at nagbayad pa ang tita ko ng 10,000 na processing fee para doon sa nag back out. Binayaran po ako ng tita ko ng 35,000 dahil sa garantiya nya, ngunit sya po ang napuruhan dahil hiindi siya binayaran ng buo sa mga kinuha sa kanya.

Sa huling usap namin, sinabi ng tita ko na si Gloria ay nagbayad sa kanya ng 10,500 pesos. Nag uusap na daw sila ng Mabuti at sinabi sa kanya na ibabalik ang mga pera pero walang takdang date, gagawan lang daw ng paraan. Ayaw po mag reklamo ng tita ko dahil puro phone conversations lang daw ang ebidensya nya, walang chat about sa pera, at nangako na daw si gloria na magbabayad ng unti unti. Isa pa, kapag daw pumupunta si Gloria sa bahay nila ay may dalang baril (dahil pulis Taguig sya), kaya takot po ang tita ko. Kami naman ay humihingi ng hustisya sapagkat si Allan Balderama naman ang puno at dulo ng pag re recruit nila at ayaw namin na maulit ito sa ibang tao.

6. T: Kailan at saan nagsimula ang panghihikayat sa iyo na magtrabaho sa ibang bansa?

- S: Yung February 6 po, doon lang. nag message ang tita ko sa amin ng work opportunity na yon via facebook messenger.
7. T: Ano po ba ang trabaho na iyong inaplayan at saan bansa ito?
- S: Seaman po, housekeeping, sa isang Cruise ship na naglalayag sa Europa.
- T: Meron po ba kayong pinirmahan na kontrata na may kaugnayan sa inyong pagtatrabaho? At kailan at saan po ito nangyari?
- S: Wala po. Pinag submit lang kami ng personal documents gaya ng CV at passport kaya takot kami nab aka magamit lang nila ito sa mga online loans.
8. T: Mayroon ba silang binigay na Job Order? Katunayan na mayroon na kayong employer sa inyong pupuntahan?
- S: Wala rin po.
9. T: Ano-ano ang mga ipinangakong benepisyo sa inyo kung meron man?
- S: \$1500 na sweldo per month, plus tip sa mga customers. 6 months daw na paglalayag.
- T: Nagkaroon ba kayo ng kasunduan o kontrata na may kinalaman sa inyong pag-aapply patungong ibang bansa upang magtrabaho?
- S: Wala rin po.
10. T: Maaari mo bang isa-isahin ang iyong mga binigay na halaga para sa pagproseso ng iyong dokumento patungkol sa iyong pagtatrabaho sa abroad?

S:

Halaga	Petsa/Lugar ng Pagbayad	Tumanggap ng bayad
35,000	Feb 7	Cynthia dela Cruz
35,000	Feb 7	Gloria Alvarado

11. T: May ebidensya ka ba sa mga binigay mo sa kanila? Resibo?
- S: Hinulog ko po ang pera sa M Lhuiller at may online receipt na pinadala ko sa tita ko.
- T: Ano po ang resulta ng iyong aplikasyon?

S: Wala. Hindi kami nakaalis, walang visa, walang kontrata, at walang interview.

T: Meron ba kayong nais sabihin o idagdag sa iyong mga sinalaysay?

S: Kami po ay nababahala dahil yung mga personal na dokumento namin ay nasa kanila at baka magamit sa masasamang Gawain. Mga passport pati pirma namin ay kinuha. Mas napuruhan ang tita ko dahil nagpaluwal sya sa mga aplikasyon namin lalo na sa kapatid ko na si Sarah, ngunit ayaw nya idamay yung Gloria sa reklamo dahil pulis ito at may baril, at nangako naman daw na magbabayad na.

12. T: Pansamantala ay wala na muna akong itatanong sa iyo, may nais ka pa po bang idagdag o linawin sa iyong salaysay?

S: Yun lamang po.

BILANG PAGPAPATUNAY, ako ay pipirma sa ibabaw ng aking pangalan ngayong 28 Marso 2021 dito sa opisina ng Legal Assistance Division ng POEA 4TH Floor, BFO/POEA Building, Edsa Corner Ortigas Avenue, Mandaluyong City.

WAKAS NG SALAYSAY:

ALFREDO ALAN CANLAS
Nagsasalaysay/Affiant

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika___ ng _____ . Pinatunayan ko na nagsasalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniwala na siya ay kusa at malayang nagsasalaysay.

POEA Administering Officer